

CHAPTER ONE

Napapasimangot si Lorraine habang pinipilit na ibuka ang mga matang pinapabigat pa ng matinding antok. Bugnot na ginusut-gusot ang magulo nang buhok at ngumiwi sa harap ng salamin. Matapos ang mahabang paghikab, sumahod siya ng tubig sa binuksang gripo at isinaboy iyon sa mukha sa pagtatangkang gisingin ang sarili.

Hindi siya morning person. Noon pa niya alam iyon. Kapag maaga pa ay tila napakabagal ng takbo ng utak niya. Wala rin siya sa kondisyong makihalubilo kahit kanino. Sa kasamaang-palad, tila kabaligtaran niya si Armand Sarabia, ang namumuno ng *Whiz Kids Camp*, kung saan siya magtatrabaho sa loob ng dalawang buwan.

Alas seis ng umaga ang itinalagang oras ni Armand para sa staff meeting at wala itong patawad kapag hindi nakadalo ang sinuman sa pagpupulong na iyon.

“At hindi dahilan ang inaantok ka pa,” sabi ni Lorraine sa reflection niya sa salamin habang ginagaya ang tinig ng masungit na lalaki.

Well, basta 'wag niya 'kong sisihin kung bakit kung mukha akong bruha sa paghaharap namin tuwing umaga, dagdag niya sa isip.

Nang mapasulyap sa relo ay napabunghalit siya kasunod ang pagkukumahog. Mahuhuli na naman siya kapag hindi siya nagmadali.

Mabilis siyang nagsuklay saka bumalik sa kuwarto para magbihis. Pero sadya yatang mahina ang daloy ng dugo niya kapag gayong di pa halos sumisikat ang araw. Pumili lang ng isusuot ay inaabot pa siya nang siyam-siyam.

Nagtatakbo na siya patawid ng luntiang bakuran ngunit pagsapit sa staff meeting hall ay natiyak niyang huli pa rin siya.

"Good morning, Miss Clemente," bati ni Armand nang maupo ang dalaga. Subalit halata sa tinig nito na hindi ito nagagandahan sa umaga.

"Good morning," pabulong na sagot ni Lorraine. Sa ginawang iyon ng lalaki, nakatawag-pansin sa lahat ang pagiging huli niya. Bagay na hula niya ay siyang ibig mangyari ni Armand. Ilang sandali pa itong nanahimik, manapa'y upang hayaang mapako ang mata ng mga kasamahan ng dalaga sa kanya.

"Y-you may continue, S-Sir," sabi niya nang hindi na matiis ang tensyon sa silid.

Nakarinig siya ng impit na mga hagikgikan ngunit epektibong pinawi iyon ng matalim na tingting ibinaling ni Armand sa direksyong pinanggalingan ng mahinang pagtawa.

“As I was saying before Miss Clemente’s dramatic entrance, I’d like to reiterate the fact that we’re not dealing with ordinary kids here. These are intellectually-gifted children and as such, they need all the mental stimulation they can get. Our aim is to provide exactly that.”

Hindi niya sinasadyang mapahikab matapos ang ilang minuto. Walang personalan; talagang inaantok lang siya. Huli na nang maalalang baka masamain iyon ng lalaki.

“If you find the things I’m saying boring, then may I suggest, Miss Clemente, that you take yourself outside and find an activity that’s more to your liking.”

Patay! Nahuli na nga ako ni Mr. Sungit! bulalas niya sa isip. Muli ay natagpuan niyang sentro na naman siya ng atensyon ng lahat sa silid. “N-no, Sir, I-I’m not bored. O-of course n-n-not,” natuturete niyang sagot.

“Kung ganoon, magkaroon ka naman sana ng modo’t ‘wag hihikab nang harap-harapan.”

Maraming masasagwang salita ang gustong

6 ————— *Tanggapin Mo Ang Pag-ibig Ko*
isagot ng dalaga ngunit sapilitan na lang niyang pinanatiling tikom ang mga labi. Boss niya si Armand at walang katuturang banggain niya ito.

Mahina siyang napapalatak. Sinasabi na nga ba niya, noon pa lang kapanayamin siya ng lalaki sa tanggapan nito ay napihon na niyang di sila magkakasundo. Pero desperado siyang magkatrabaho noon. Ayaw niyang sumama sa ama niya at kay Felisa, ang bagong asawa nito, sa planong bakasyon grande ng mga ito.

Katatapos lang magbitiw noon sa huling trabaho niya si Lorraine. Plano sana niyang magtayo ng sariling negosyo at binabalangkas pa ang susunod niyang hakbang....

A FEW DAYS AGO...

"This is a wonderful opportunity for us to be together as a family," galak na sabi ni Felisa habang ibinibida ang mga plano nito sa pagbabakasyon, na ayon dito ay dapat na kasama siya.

"Pero parati naman ho tayong magkakasama dito sa bahay. Kayo na lang ni Dad ang magliwaliw. You deserve it. Treat it like a second honeymoon," mahima-himatay na susog ni Lorraine. Natutuwa na nga siya at mananahimik siya sa bahay habang wala

ang mga ito, iyon pala ay balak siyang isama.

“I won’t hear of it. Nakapag-honeymoon na kami at, Anak naman, sa edad naming ’to, kontento na kami sa isang honeymoon lang. I want you to come with us. Your dad wants that, too. In fact, we insist,” giit ng stepmother. “Tamang-tama nga’t wala kang trabaho ngayon.”

Gusto niyang magwala. Oo nga at kabaligtaran si Felisa sa normal na stereotype ng isang madrasta. Hindi ito masungit o antipatika sa kanya, ang nag-iisang anak ng asawa nitong si Joselito Clemente. Pero ang hindi niya matiis ay ang sobrang pag-aaruga nito sa kanya. Ang pagtatrato nito sa kanya na parang anim na taong gulang o mas bata pa roon.

Maaga siyang nawalan ng ina kaya sanay na siyang inaalagaan ang sarili, pati na ang ama niya. Ngunit handa yata si Felisa na punan nang husto ang papel nito bilang pangalawang ina.

“Kumain ka, Lorraine. Baka natutuyuan ka ng pawis, Lorraine. Huwag kang magpapagabi sa daan, Lorraine...” Ang mga iyon at kung anu-ano pang litanya ang naririnig niya sa araw-araw. Pakiwari nga niya, kulang na lang ay iupo siya nito sa high chair at subuan ng *Gerber*.

“Mommy, matanda na ’ko. Kaya ko na ang sarili

8 ————— *Tanggapin Mo Ang Pag-ibig Ko*
ko,” madalas niyang ipinapaalala rito pero parang walang naririnig si Felisa.

“Nonsense! You’ve been without a mother for so long you don’t know how it feels like to have someone take care of you for a change,” palis nito sa sinasabi niya.

Aaah! Mababaliw na 'ko! naisip ni Lorraine nang habang lumilipas ang panahon ay mas lumalala pa ang sitwasyon. Pati pananamit niya, gupit ng buhok, tabas ng damit, maging ang kulay ng sapatos ay pinakikialaman na ni Felisa. Malapit na siyang sumabog pero nang kinausap ang ama tungkol dito ay wala itong sinabi kundi pagbigyan na lang muna niya ang ina-inahan.

Iyon ang nagtulak sa kanya para maghanap ng trabaho—kahit anong trabaho—para may maidahilan lang sa di niya pagsama sa bakasyon ng ama at ng ina-inahan. Kung hindi ay baka malagot na ang pasensya niya at maging dahilan pa iyon ng pagkakasira nila ni Felisa. Bagay na alam niyang ikalulungkot ng ama.

Parang sagot sa kanyang dasal, nabanggit ng dating kaopisina ang tungkol sa *Whiz Kids Camp* at ang pangangailangan nito ng camp counsellors. May degree siya sa Education. Bukod doon, mahilig siya

sa bata. Kaya dali-dali ay nagpunta siya sa tanggapan ng kampo para mag-apply.

Na-interview siya sa araw ring iyon. Mukhang nagustuhan naman siya ng mga kumapanayam sa kanya. Hanggang sa sumapit siya sa opisina ni Armand.

Isang tingin lang sa lalaking nakaupo sa likod ng mesa ay naglaho kaagad ang kanyang kumpiyansa. Tingin niya, ito ang tipo ng taong hilig ay maghanap ng maipupula sa iba. Bukod doon, may kung anong magnetismo itong umaakit sa kanya at nagpapabilis ng sikdo ng kanyang dibdib.

“What makes you think you’re qualified to be a camp counsellor of *Whiz Kids*?” bungad na tanong kaagad nito.

“B-b-because I... I enjoy being around kids and I think... I think I can impart more than just the mere mechanics of learning to them. I can make it more fun,” sagot niya.

Tinitigan siya ni Armand na animo’y isang uod ang nakikita nito. “They already find learning fun. They’re intellectually-gifted, you know,” anito.

“I-I know that. But from what I also know of some intellectually-advanced children, they learn so much technical stuff that they forget they’re still children,”

Napailing ito sa sagot niya.

Kaagad namang bumagsak ang kalooban ni Lorraine nang makita ang reaksyon nito. Hula niya ay hindi siya pumasa.

“I’m sorry but though you’re highly qualified, you’re not who we have in mind...” simula nito.

Hayun, hindi nga siya matatanggap. At kasabay niyon ay gumuho ang pag-asa niyang maiwasan, kahit pansamantala, si Felisa.

“Please...” Napatayo siya at nasaklot ang braso ng lalaki. Handa siyang maglumuhod kung kinakailangan. “I-I really need this job. In fact, I desperately need it!” bulalas niya.

“Bakit naman, aber?”

Handa na sana niyang ipagtapat ang katotohanan ngunit matapos ilang saglit na masdan ang lalaki ay nadama niyang hindi nito maiintindihan. Masyadong kakaiba ang kuwento niya at parang katawa-tawa pa iyon. Hindi gayon ang tipo ng kuwentong aantig sa kalooban ninuman, lalo na ng taong kaharap niya.

“U-ulila na ’ko at kailangang-kailangan ko ng pera. Kung di’y... kung di’y mareremata ang bahay namin na... na naisanla nang magkasakit ang nanay ko.” Katuwiran niya sa isip, talaga namang naisanla

ang bahay nila nang magkasakit ang mommy niya. Matagal na nga lang iyong natubos ng kanyang ama.

Hindi alam kung sa matinding desperasyon o talagang nadala na siya ng drama niya, napaluha siya.

Ilang sandaling natahimik si Armand. Binasa-basa nito ang recommendation ng mga tauhan nitong unang kumapanayam sa dalaga. Mukhang aprubado naman siya ng mga ito. Ito nga lang ang nagkaroon ng negatibong impresyon sa kanya.

Pakiwari niya ay hindi matitinag ang lalaki. Handa na nga siyang magpaalam nang may abutin itong mga papeles at ilapag ang mga iyon sa harap niya.

“Fill these up please,” sabi nito.

“T-tanggap na ‘ko?” bulalas niya nang mabasa ang mga papeles.

“Hindi siguro kita bibigyan niyan kung di ka pa tanggap.”

Nang tingnan ni Lorraine ang lalaki, di niya mawari kung natatawa ba ito o naiirita sa kanya. Pero hindi na iyon mahalaga nang mga sandaling iyon. Ang importante ay malulusutan na niya ang paanyaya ng mga magulang na sumama sa bakasyon ng mga ito.

Masaya na sana siya pero natigilan siya nang makita ang mga patlang na dapat niyang punan. Itinatanong doon ang kanyang address, telephone number at kung anu-ano pang mga detalye tungkol sa kanyang pagkatao. Patay siya kapag nagkataong tinawagan siya at si Felisa ang nakasagot ng telepono.

Mabilis na gumagana ang isip, itinala niya ang address at telephone number ng kaibigan niyang nagbalita sa kanya tungkol sa *Whiz Kids Camp*.

Lalo siyang nanlumo nang dumating sa section na tumatalakay sa references. Sino ang maibibigay niyang reference gayong halos lahat sa mga kakilala niya ay kilala rin ang kanyang ama?

Napahugot siya ng hininga saka pinapangit ang sulat upang hindi iyon gaanong maintindihan ng sinumang babasa.

"We'll be expecting you here the day after tomorrow. Is that all right with you?" tanong ni Armand matapos basahin ang sinagutan niyang forms.

"S-sure. I'll be here."

Dagli niyang kinakutsaba ang kaibigan. Nag-iisa lang ito sa bahay kaya naisip niyang walang magiging problema.

CHAPTER TWO

*P*agbalik sa kasalukuyan ay napapikit si Lorraine. Napapahiya siyang isipin kung paanong ni hindi niya nakuhang magpaalam nang harap-harapan sa mga magulang. Iniwasan niya ang mahabang diskusyon, pati na ang posibilidad na tumanggi ang mga ito, lalung-lalo na si Felisa, sa pagtatrabaho niya sa isang lugar na malayo sa siyudad.

Nang gabi bago siya umalis ay patalilis niyang nilisan ang bahay. Isang sulat lang ang iniwan niya na nagsasaad na may pupuntahan siyang malayong lugar at di siya makakasama sa pagbabakasyon ng mga magulang....

“Is there a problem, Miss Clemente, or did you actually have the guts to fall asleep while I was talking?” Isang sarkastikong tinig ang pumutol sa pagninilay-nilay ng dalaga.

“N-no, Sir.” Dagli siyang napamulat.

“Kung ganoon, puwede bang ibuka mo ang mga mata mo habang nakikinig sa sinasabi ko? It makes me uncomfortable thinking I may have lost my

Muli ay sumulak ang kanyang dugo. At muli ay kinailangan niyang pakalmahin ang sarili bago malagot ang kanyang pagtitimpi. Mag-aapat na araw pa lang sila sa kampo ngunit pakiramdam niya ay isang taon na ang inilalagi niya roon—isang taon na ang mukha at tinig ni Armand ang nagpapasimula ng kanyang araw.

Ilang minuto pang ipinagpatuloy ng lalaki ang pagsasalita at sa loob ng mga sandaling iyon ay sinikap ni Lorraine na huwag nang makagawa ng kahit anong ikakagalit nito. Nang tapos na ang pulong ay nagmamadali siyang lumabas. Kailangang-kailangan niya ng kape para umandar ang utak niya.

"Miss Clemente, can I have a word with you in my office?" Pinigil ng tinig ni Armand ang paghangos niya patungo sa canteen. "It's about your references," sabi nito bilang tugon sa nagtatanong na tinging ibinaling niya rito.

Patay na! sa loob-loob niya. Nabuko na marahil ni Armand ang pineke niyang references.

Habang naglalakad patungo sa opisina ng lalaki ay inihahanda na niya ang sarili sa posibilidad na sisisantehin na siya nito.

“Hindi ko maintindihan ang sulat mo. Puwede bang pakiulit at ayusin mo sana ang penmanship mo,” ani Armand matapos umupo sa mesa nito at iabot ang blangkong forms sa kanya. “No, you don’t have to do that now,” pakli nito nang umakma si Lorraine na uupo at magsusulat na. “Mag-almusal ka na muna, pagkatapos ay magpahinga. After lunch ay magsisidating na ang mga batang makikilahok sa study camp.”

Bahagya siyang nakahinga nang maluwag. Maski papaano ay may pagkakataon pa siyang pag-isipan ang gagawin. “T-thank you. I’ll... I’ll return these to you as soon as possible.”

“Miss Clemente, I’m just curious. Is your stutter a permanent condition?” tanong nito habang matamang nakatingin sa kanya.

“I-I don’t s-stutter,” sagot niya.

“R-r-really?” Ginaya nito ang pagkautal niya.

Nagngingitngit na tinalikdan na lang niya ito at iniwan.

Napahugot naman ng hininga si Armand at pabagsak na napasandal sa upuan habang hinahabol ng tingin ang paalis na dalaga. Hindi niya maipaliwanag sa sarili kung bakit sa kabila ng kanyang agam-agam ay tinanggap niya ito. Di

pangkaraniwang bugso ng kalooban ang nag-udyok sa kanyang huwag ibasura ang application nito.

At siya ay isang taong di nagpapadala sa bugso ng kalooban sa kahit ano pang dahilan. Kaya nga di niya masasabing naawa siya kay Lorraine bunga ng makabagbag-damdaming kuwento nito.

“ANO’NG PROBLEMA? Nasabon ka ba?” tanong ni Mia, ang naging kaibigan ni Lorraine sa trabaho, nang saluhan niya ito sa agahan.

“Hindi naman. Pinaulit lang niya ‘yong application form ko.”

“Bakit?”

Nagkibit-balikat siya bilang katugunan.

“Baka interesado sa ‘yo. Baka naghahanap lang siya ng dahilan para magkasarilinan kayo,” sapantaha nito.

“Puwede ba, imposible ‘yang sinasabi mo. Kung di mo pa napapansin, mainit ang dugo sa ‘kin ng Mr. Sarabia na ‘yon.”

“Mukha nga. Pero ganyan naman yata talaga ‘yon sa lahat ng mga baguhang empleyado rito. Para bang gusto niyang subukan muna nang husto para masigurong tatagal. Ganyan din siya sa ‘kin noong isang taon, eh.”

“Pangalawang beses mo na pala ‘to.”

“Oo. Masokista ba?” natatawang biro ni Mia.

“Pero sa katunayan, mabait naman si Mr. Sarabia.

Medyo istrikto lang. Gusto’y de numero ang kilos ng mga tauhan niya. Akala ko rin nga n’ung una’y di ako tatagal pero kita mo, bumalik pa ‘ko. Okay rin naman kasi ang pasahod, eh.”

“Huu! Si Armand Sarabia ‘ika mo ang tunay na dahilan,” kanyaw ni Lynn, isa ring empleyado sa study camp, nang dumulog ito sa mesang kinauupuan ng dalawa.

“Iyon din.” Hindi naman iyon pinasinungalingan ni Mia. “Eh, sa talaga namang malakas ang dating niya, di ba?” Kay Lorraine ito bumaling.

“Ewan. Hindi ko napapansin,” sagot niya. Dahilan para hampasin siya nito sa braso.

“Ano? Bulag ka na para hindi mo mapansin ‘yon.”

“Okay, okay. Inaamin ko, may hitsura siya. Pero hindi ko siya type, eh. Masyadong matigas ang hilatsa ng mukha. Halatang masungit.” Habang nagsasalita, napuna ni Lorraine na sabay na napatungo ang mga kausap niya. “O, bakit?” nagtataka niyang tanong.

Bago makasagot ang sinuman sa dalawa ay

napataas ang kanyang tingin. Muntik na siyang mapahumindig nang makitang nakatayo sa gilid ng kanilang mesa ang lalaking siya mismong pinag-uusapan nila.

“Huwag mong kalimutang ibalik ‘yong application form mo,” mailap ang tinig na sabi ni Armand.

“O-oo. Mayamaya’y dadalhin ko na sa opisina n’yo,” natatarantang sagot niya.

Ilang saglit pa siyang tinitigan nito bilang pagpapahiwatig na narinig ang sinabi niya, bago ito lumayo. Napahagikgik ang kanyang dalawang kasama nang makaalis na ang lalaki.

“Pambihira naman kayo, ba’t hindi n’yo sinabing nasa tabi ko na pala siya,” sita niya.

“Aba, bigla-bigla na lang sumulpot, eh. Hindi na ‘ko nakahirit,” katuwiran ni Mia.

“Lagot ka, narinig yata ang sinabi mong hindi mo siya type. Baka ma-challenge ‘yon na paibigin ka. Ay, kasarap!” kinikilig namang sambit ni Lynn.

“Nge! Nakakatakot ‘ika mo,” aniya. “Ano kaya’t mag-resign na lang ako.”

“Loka! Nagbibiro lang kami. Naku! ‘Yang si Armand pa ang aasahan mong may patulan dito sa study camp, eh, krusada na yata ng taong ‘yon

na patayin anumang ugnayang puwede sanang mamagitan sa mga empleyado niya,” sabi ni Lynn.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” usisa ni Lorraine.

“May unwritten rule dito na bawal ang umibig.

Ayaw ni Armand na magkaroon ng relasyon ang mga tauhan niya. At least not while they’re working in the camp. Masagwa raw tingnan at baka magreklamo ang magulang ng mga bata. *Entonces*, imposibleng magpakitang-motibo siya sa kahit sino mang babaeng narito.”

“At kapag para sa study camp ang pag-uusapan, handa si Armand na gawin ang lahat para matiyak na hindi masisira ang reputasyon nito. Ayon sa pagkakaalam ko, natagalan din bago niya ito na-establish kaya ingat na ingat siya sa pangalan nito,” salaysay ni Lynn. “Gusto niyang tuwing summer ay may pupuntahang ganitong klaseng camp ang mga bata. Kaya nga tuwing summer ay nagli-leave siya sa tungkulin niya bilang pinuno ng kanilang kompanya.”

“Narinig ko rin nga ‘yon. At alam n’yo ba, ito ang kauna-unahang study camp sa Pilipinas na para sa mga batang henyo? Gusto ni Armand na madagdagan pa ang mga ito kaya gusto niyang maging maganda ang ehemplong ipapakita niya.”

Halatang-halata ni Lorraine sa tinig ng dalawang kasama ang paghanga ng mga ito sa kanilang camp director. Napapailing na lang siyang nakinig sa mga ito.

“His intentions are good. At gaya ng sabi ko, mabait naman siya kapag nakita niyang dedikado ka sa trabaho mo. Ang hindi lang niya ma-take ay ‘yong niloloko siya,” patuloy ni Mia.

“Niloloko?” Medyo guilty siya.

“Oo. Naku! Galit na galit ‘yan sa mga taong sinungaling. May isa nga kaming nakatrabaho, edad lang ang ipinagkaila, aba’y nang mabuko ni Mr. Sarabia, eh, pinatalsik agad,” pagkukuwento ni Mia.

Hindi siya makaimik. Paano kapag natuklasan ni Armand ang sandamukal na kasinungalingang pinagsasabi niya?

“O, paano, diyan na kayo. Marami pa ‘kong gagawin, eh,” paalam ni Lynn nang matapos na sa pag-aagahan.

“Ako rin,” segunda ni Mia. “Mahirap nang mahuli ni Armand na nagbubulakbol ako. Baka masira ang appeal, este, papel ko.”

“Sabay-sabay na tayo. Ihahanda ko pa ‘yong mga aktibidades na gagawin ng mga bata.” Tumayo na rin si Lorraine.

Nang makalabas sa maluwang na bakuran ay saka naghiwa-hiwalay ang tatlo. Tumuloy si Lorraine sa cottage na nakalaan sa kanya at doon ay sinagutan na ang application form na ibinigay sa kanya ni Armand. Pagdating sa section na ukol sa references ay matagal siyang natigilan. Ano ba ang isusulat niya?

Sa katagalan, naipasya niyang mag-imbento na muna. Nasimulan na niya ang pagsisinungaling at mahirap nang umatras. Kung hindi ay baka mas lalo pa siyang mabuko ni Armand. Baka matunton pa siya ng pinagtataguang mga magulang.

CHAPTER THREE

Jsang oras matapos ang tanghalian ay dumating na ang bus na sumundo sa mga bata sa Maynila. Habang nakatayo sa maliit na porch ng cottage niya, ilang ulit na humugot ng malalim na hininga si Lorraine upang palisin ang pangambang nagsisimulang mamuo sa kanyang kalooban. Nang mga sandaling iyon ay pinupuno siya ng agam-agam kung kaya nga ba niya ang mga tungkuling hinihingi ng pinasukan niyang trabaho.

Oo nga at may degree siya sa Education at likas siyang mahilig sa mga bata ngunit hindi ordinaryong mga bata ang sasailalim sa kanyang pangangalaga. Halos lahat ng mga ito ay lubhang mas matalino pa sa kanya. Ano ang maituturo niya sa mga ito?

Mayamaya ay natanaw niya si Reggie, isa sa mga tumatayong receptionist ng study camp, na patungo sa cottage. Kasama nito ang isang batang nakatirintas ang buhok at napakakapal ng salamin.

Nginitian ito ni Lorraine ngunit dagling nagbaba ng tingin ang bata.

“Miss Clemente, ito si Fay Rodriguez,” pakilala

rito ni Reggie.

“Hello, Fay,” bati niya.

“H-hello.” Hindi pa rin tumitingin sa kanya ang bata.

“Iiwan ko na siya sa inyo.” Inilapag ni Reggie ang bag ng bata sa sahig.

“Sige, salamat,” sabi niya, pagkuwa’y ang bata naman ang binalingan. “Tawagin mo na lang akong ‘Miss Lorraine,’” aniya habang ginigiya ito papasok ng cottage.

Sinulyapan siya ni Fay, pati na ang paligid ng cottage. “Do you like animals?” pagkuwa’y tanong nito.

“Oo naman,” sagot niya.

“Good.” Sa narinig na katugunan ay lumuhod si Fay at binuksan ang bag nito. Buhat doon ay may hinugot itong kahon na may maliliit na butas ang takip.

“Ano ‘yan?” usisa niya.

“Pet ko, si Tweety. I hatched her in an incubator myself.”

Ilang saglit na napatitig siya sa maliit na sisiw. Bawal magdala ng alaga sa camp na iyon at natitiyak niya, malilintikan siya kay Armand kapag nalaman nito ang tungkol sa sisiw.

"Can I keep her here?"

Handa na siyang sabihin ang alituntunin ng study camp tungkol sa mga alagang hayop ngunit bago niya magawa iyon ay biglang nag-iiyak si Fay.

"Hindi ko lang kasi siya puwedeng iwan sa bahay. There's no one to take care of her there. She might die. Please, Miss Lorraine. She's been with me everywhere," pagmamakaawa nito.

Hindi niya malaman ang gagawin. Parang hindi niya magawang ipabalik ang maliit na sisiw ngunit lalabag naman sila sa alituntunin kung hahayaan niyang manatili ito roon.

"Please po, Miss Lorraine. Si Tweety lang ang tanging kaibigan ko sa mundo. Kontento naman siyang dito lang sa kahon matulog."

"Iiyak 'yan at pareho tayong makakagalitan."

"No, Miss Lorraine. She's used to her living conditions and she's quiet most of the time."

"O sige, sige, basta diyan lang siya sa kahon, ha? Huwag mo siyang ilalabas," pikit-matang sang-ayon na lang niya.

"Thank you, thank you." Nayakap siya ni Fay sa malaking pasasalamat.

Kung magkakasubuan, ikakatuwiran ko na lang kay Mr. Sungit na mascot namin si Tweety, sabi ni Lorraine

sa isip.

Apat na batang babae pa ang sunud-sunod na nagsidating. Si Lilet, si Leslie, si Jana at si Candy. Magkakaiba ang sukat at anyo ng mga ito ngunit pakiwari ni Lorraine ay iisa ang ekspresyon ng kanilang mga mukha—pawang seryoso. Ang inaasahan niya ay makukulit at magugulong bata ngunit parang miniature adults ang mga dumating.

Halos pare-pareho rin ang dala ng mga ito. Iilang pirasong mga damit lang ngunit sandamukal na mga aklat. Si Leslie nga ay dala pa ang microscope nito.

Ang pinakahuling inihatid sa cottage ay si Cheryl. “Saan ako matutulog?” tanong nito nang makitang halos lahat ng kama sa cottage ay okupado na.

“May isa pang natitira, o. Doon ka na lang,” sabi ni Lorraine.

“Ayokong matulog sa tabi ng bintana,” hayag nito.

“Okay, may gusto bang makipagpalit kay Cheryl?” tanong niya sa mga bata.

Walang tumugon. Lahat ay abala na sa pag-aayos ng kanilang mga gamit, di kaya naman ay nagsisimula nang magbasa.

“Mukhang wala, eh. Pasensya ka na muna,” baling niya sa mareklamong bata.

“Ayoko. Mahal ang ibinabayad ng mommy ko rito kaya dapat man lang ay makapili ako ng tutulugan ko,” giit ni Cheryl. “Isa pa, this is the third time I’m attending this stupid camp so I should get to choose where I’ll sleep.”

Gusto nang pilipitin ni Lorraine ang leeg ng spoiled brat na kaharap ngunit kailangang pigilan niya ang sarili. “Well, since this is the your third time around, you should’ve understood that we’re on a first come, first served basis here. Mas makakapili siyempre ng tutulugan niya ang naunang dumating.”

“Maaga akong dumating, ah!” saad nito.

“Oo nga pero hindi ka agad tumuloy sa cottage na naka-assign sa ‘yo kaya nahuli ka.”

“I won’t stand for this. My mom is a good friend of Mr. Sarabia. I’ll talk to him. I’m sure he’ll do something about this. At lagot ka tiyak sa kanya,” banta ng bata.

Bahagya siyang kinabahan nang marinig ang pangalan ng lalaki. Kapag nagsumbong si Cheryl, lalo pang masisira ang papel niya rito. Balak pa naman niya ay gagawin ang lahat para huwag na siyang mahagip ng matalim na paningin at mainit na mga mata ni Armand. Sa kabilang banda, hindi rin naman niya puwedeng ipakita sa bata na kaya siyang

sindakin nito.

“I’ll make an appointment for you. In the meantime, kung ayaw mo talagang matulog sa tapat ng bintana, puwede kang makisalo sa kuwarto ko. Sa sleeping bag ka nga lang hihiga,” patag ang tinig niyang sabi.

“No way!”

“Then I suggest you arrange your things. Snacks will be served in the canteen in a few minutes. Baka mahuli ka na naman.”

Sinimangutan siya ni Cheryl ngunit sumunod din ito sa sinabi niya. “Just wait till I speak with Armand,” bubulung-bulong nitong turan.

MATAPOS ANG MERIENDA ay tumuloy na sa kanilang orientation ang mga bata, pagkuwa’y sa iba pang aktibidades. Sinamantala ni Lorraine ang pagkakataong iyon upang kausapin si Armand tungkol kay Cheryl. Mahirap nang maunahan pa siya ng bata at baka kung anu-ano ang sabihin nito sa lalaki. Nangangamba rin siyang mapapayag si Armand na sumunod sa nais nito. Isang bagay na sa palagay niya ay magpapadala ng maling mensahe sa ibang mga batang kasama ni Cheryl, hindi lang sa cottage, kundi sa buong study camp.

Wala sa opisina ang lalaki. Ayon sa nakasalubong niyang empleyado, malamang ay nasa quarters ito kaya roon siya tumuloy.

Natigilan siya nang nasa labas na ng director's quarters. Kinakabahan siya na di mawari. Handa na nga siyang tumalikod at umalis na lang muna nang bumukas ang pinto.

"O, ano'ng ginagawa mo diyan? Ba't hindi ka kumakatok?" kunot ang noong sita ni Armand nang makita siya.

"P-pakatok na nga ako, eh. K-kuwan, uhm... i-ibibigay ko lang sana ito sa 'yo." Inilahad niya ang nakatuping application form.

"Good." Inabot nito iyon. "Anything more?"

"A-actually, meron pa. Tungkol kay Cheryl."

"Ang mabuti pa siguro'y pumasok ka. Mahirap mag-usap nang ganito," bantulot na anyaya nito.

Parang ilang na ilang naman si Lorraine nang makapasok sa tinutuluyan ng lalaki. Hindi niya alam kung bakit ngunit waring mas personal ang dating ng tagpong iyon kaysa kapag sa opisina sila nag-uusap.

"What about Cheryl?" may bahid ng pagkainip na susog nito nang di siya kaagad magsalita.

"K-kuwan... kasi, ayaw daw niyang matulog sa tabi ng bintana."

“Well, find her some other place to sleep.”

“Okupado na lahat ng kama’t walang nais makipagpalit sa kanya. K-kilala mo raw ang mommy niya.”

“Yes, I know her. She has been a benefactor of this camp from the very beginning.”

“Iyon nga ang intindi ko at... at ang paniwala ni Cheryl ay... ay reremedyuhan mo ang sitwasyon para sa kanya. Gusto ko lang sanang sabihin na hindi magandang tingnan kung ganoon ang gagawin mo.” Hindi akalain ni Lorraine na magdedere-derecho ang bibig niya. Nasindak pa siya nang mapihong naisatinig na niya ang naisasaloob.

“At bakit naman?” may himig ng panunuksong tanong nito.

“Well, it might give the other kids the wrong message. Na porque may connections ang isang tao, makukuha niya ang gusto niya.”

“Like I said, Cheryl’s mother is a benefactor of this camp and—”

“Kahit na si Ming Ramos pa ang mommy niya, Cheryl should follow the rules,” nag-iinit na pakli niya.

Tahimik na pinag-aralan ni Armand ang matalim na kislap ng mga mata ng dalaga at muli ay

nakadama ito ng kung anong kakatwang emosyong sumanib sa puso nito. Dahil doon ay muli rin nitong naitanong sarili kung tama ba ang desisyon nitong tanggapin siya sa study camp na iyon. "Have you suggested a compromise?" tanong nito.

Tumango siya saka isinalaysay rito ang mga puwedeng pagpilian ng bata upang masolusyunan ang problema nito.

"Cheryl is your responsibility, Miss Clemente. You take care of the situation."

"But she insists on speaking with you."

"Masyado akong maraming ginagawa para sa ganyan kaliliit na mga problema. Do whatever you think is right."

"Kahit pa magalit siya't magsumbong sa mommy niya?"

"Kahit pa magalit siya't magsumbong sa mommy niya," ulit nito.

Sandaling napatunganga si Lorraine sa lalaki habang sinisiguro sa sarili kung tama ang narinig niya. Kung gayon ay totoo ang una niyang sapantaha. May paninindigan nga si Armand.

"Is there a problem?" anito.

"N-no... no problem. You did the right thing."
Napangiti siya, pagkatapos ay kagyat na tumalikod.

“Aalis na ‘ko. Salamat.”

Napailing si Armand nang maiwan na ito. Hindi talaga niya maintindihan ang epekto sa kanya ng dalaga. Bakit ba kung minsan ay inis na inis siya pero kung minsan naman, parang aliw na aliw siya rito at gumagaan ang pakiramdam niya kapag nakikita ito?

CHAPTER FOUR

Namimilog ang mga mata, masusing nakikinig ang mga bata sa kuwento ni Lorraine. Mag-iisang linggo nang nagsimula ang study camp nang maisipan niyang basahan ng kuwentong pambata ang mga ito.

“The prince’s kiss woke up the princess from her deep sleep, and along with her, the whole castle woke up from one hundred years of slumber. The prince and the princess fell in love and they lived happily ever after.” Matapos iyon ay isinara na niya ang malaking aklat na nakalapag sa kanyang kandungan.

“Ganyan ba ang kuwento ng *Sleeping Beauty*? Bakit ‘yong nabasa ko, ni-rape n’ung prince ‘yong princess ‘tapos basta na lang niya iniwan?” nagdududang sabi ni Lilet.

“Saan mo naman nabasa ‘yon?” Muntik na siyang mapahumindig. May naririnig-rinig nga siya na may gayong version ang *Sleeping Beauty* ngunit hindi niya akalaing nabasa na iyon ng bata sa gayong edad nito.

“Sa book ni Ate. May ginagawa siyang term paper para sa school, eh.”

“Well, hindi iyon ang official version ng *Sleeping Beauty*, okay?”

“Hmph! Mukha ngang mas parang totoo pa ‘yon kesa sa ikinuwento mo sa ‘min, eh,” reklamo ni Fay.

“Lahat naman po kasi ng fairy tale, eh, hindi totoo,” pahayag ng opinyon ni Cheryl. “They’re all rubbish. Besides, they’re for kids. Ang baduy-baduy.”

Hindi alam ni Lorraine kung matatawa siya o maiinis. Kanina, habang nagbabasa siya, halata sa mata ng mga bata na interesado ang mga ito sa kuwento. Na tila noon lang sila nabasahan ng fairy tale. Ngunit ngayon ay parang ayaw nilang aminin iyon.

“Eh, ano pa nga ba ang akala n’yo sa sarili n’yo? Mga bata pa rin naman kayo, ah. Sobrang talino nga lang,” sabi niya.

“Intelligent enough to know you’re telling us stupid lies about living happily ever after. Sabi ni Mommy, kalokohan ‘yon.” Si Cheryl na naman ang nagsalita.

Sa pagkakataong iyon, imbis na mairita ay nakadama siya ng awa sa bata. Sa tingin niya, masyado pang mura ang edad nito para mawalan ng kahit katiting na ilusyon. Marahan niya itong kinabig at inakbayan. “Hindi nga totoo ang

mga fairy tales pero masarap ding magkunwari paminsan-minsan, di ba? Masyado namang magiging walang kulay ang buhay ng tao kung puro 'yong masusukat at mapag-aaralan lang sa laboratoryo ang kikilalanin niya. Just as long as you know it's simply make-believe," masuyo niyang paliwanag.

"You have a point," sang-ayon ni Cheryl matapos ang mahabang sandali.

"Isa pa, I don't care if it's true or not. I like it when you read to us," hayag ni Leslie. Bagay na sinegundahan ng iba pa nitong kasamahan.

"Can you read us some more?" pakiusap ni Jana. "Gusto ko 'yong *Cinderella* naman."

"Gabi na, eh. Bukas na lang."

"Sige na, sige na." Sabay-sabay na nangulit ang mga bata.

"Okay, pero isa na lang, ha?"

"Ang sarap pakinggan. At ang sarap sana kung totoo," sabi ni Lilet nang matapos na ng dalaga ang binabasang kuwento.

"Oo nga. Parang ang ganda-ganda n'ung princess at ang guwapo-guwapo naman n'ung prince. Ano kaya kung may prince at princess din tayo dito sa camp?" ani Leslie.

"Kunwari ako 'yong princess," sabi ni Cheryl.

“Maliit ka pa, eh,” salungat ni Fay. “Dapat dalaga na ‘yung princess at binata na ‘yong prince.”

“Alam ko na, si Miss Lorraine na lang ‘yong princess,” pakli ni Candy.

“Sino naman ‘yong prince? Ah, alam ko na, si Mr. Sarabia na lang,” sambot ni Leslie. “Bagay sila, di ba?”

Muntik nang mabilaukan si Lorraine sa sinabi ng mga bata. Siya at si Armand? Impossible. *Baka dragon pa, puwede siya*, sa loob-loob niya. Subalit di niya maikakailang may hatid na kakaibang kilig ang larawang naglaro sa kanyang isip bunga ng sinabi ni Leslie.

“Bedtime, everyone!” dagli niyang pigil sa usapan bago pa humantong sa kung saan ang kanyang imahinasyon at ng mga bata.

Nagprotesta pa ang mga ito ngunit nanatiling matatag si Lorraine. Matapos ang ilang minuto ay pinatay na niya ang ilaw saka lumipat sa kanyang kuwarto na nasa cottage ding iyon. Sinadya niyang huwag isara ang pinto upang marinig niya kung may managinip ng masama sa mga ito.

Habang nakahiga at pinagninilayan ang ginawa nila sa buong maghapon, di niya mawari kung kaaawaan ba ang mga bata o kaiinggitan

sila. Sadyang di matatawaran ang pambihirang katalinuhan ng mga ito. Sa edad na siyam at sampu, naiintindihan na nila ang mga konseptong kagaya ng calculus, space science, advanced physics at kung anu-ano pa. Kaya na rin nilang makipagdiskusyon tungkol sa anatomy ng tao, kasama ang clinical terms ng iba't ibang bahagi nito.

Ngunit ang tila hindi nila nararanasan ay ang mga bagay na napaka-natural sa isang normal na bata. Mga bagay na gaya ng paglalaro, pagkukuwentuhan ng walang kawawaan, pati na pagbabasa ng fairy tales. Kung pagbabasehan ang dalang aklat ng mga ito, mukhang classics na ang pinagtutuunan nila ng pansin.

Napagawi ang tingin ni Lorraine sa mga bata na noon ay nahihimbing na. Dalawang buwang sasailalim sa pangangalaga niya ang mga ito at sa loob ng panahong iyon, determinado siyang ipalaspas sa kanila kung paano maging bata.

“MISS LORRAINE!”

Napabalikwas ang dalaga nang bulabugin ang tulog niya ng matinis na sigaw. Dagli siyang bumangon upang alamin ang nangyari.

Naabutan niyang halukipkip ni Fay ang kahong

kinalalagyan ng alagang si Tweety.

“Bakit?” Inakbayan niya ang nanginginig na bata.

“May... may malaking pusa. Nasa bintana.

Pinag-iinteresan yata si Tweety.”

Sumulyap siya sa bintana. Hindi niya alam kung nananaginip lang si Fay o umalis na ang pusang tinutukoy nito. “Huwag kang mag-alala, hindi siya makakapasok. Matulog ka na,” ayo niya.

“Tabihan n’yo muna ako, kahit sandali lang. Baka... baka bumalik ‘yong pusa, eh,” pakiusap nito.

“O sige.” Hinagud-hagod niya ang buhok at balik at ng bata habang nakahiga ito.

Ngunit sa kabila niyon ay hindi kaagad nakatulog si Fay. Maya’t maya ay napapakislot ito. Magmamadaling-araw na nang makabalik si Lorraine sa sariling silid.

Sanhi niyon, di siya nagising nang tumunog ang alarm clock niya. Huli na naman tuloy siyang dumating sa umagang pagpupulong nila.

Nasimulan na ni Armand ang staff meeting nang dumating siya at gaya ng karaniwang nangyayari, tumigil ito sa pagsasalita at sinundan siya ng tingin hanggang sa makaupo siya.

“I’m glad you saw it fit to join us, Miss Clemente,” sarkastiko nitong sabi.

"Sorry. I-I overslept," namumula niyang dahilan.

Kuu! Ang sarap naman talagang mamilipit ng leeg,
tahimik niyang dagdag. Bakit ba sinasadya yata ng lalaking ipahiya siya sa madla?

Ipinagpatuloy na nito ang pulong sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aktibidades na gagawin ng mga bata sa maghaponing iyon.

"By the way, can you tell us how you chose to end your camping day yesterday?" tanong nito at isa-isang pinaglahad ang camp counsellors.

"Pinag-aralan namin ang iba't ibang aplikasyon ng *Light Amplification by Stimulated Emission of Radiation*, otherwise known as laser," ani Miles, isang beteranong counsellor na mukhang nerd.

"Very good," sang-ayon ni Armand.

"Kinalkula namin ang velocity ng pag-ikot ng mga planeta," sabi naman ng isa pang counsellor.

"Nag-dissect kami ng palaka...."

Habang nakikinig sa mga ito si Lorraine ay para gusto niyang ipanalanganing bumuka ang lupa at lamunin na siya. Paano maikukumpara ang ginawa nilang pagbabasa ng fairy tale sa isinasalaysay ng ibang counsellors?

Pero dapat ay maniwala ako sa aking ginagawa't mga adhikain, sabi niya sa sarili upang palakasin ang loob.

“Nagbasa kami ng *Sleeping Beauty* at *Cinderella*.”
 Pero kahit anong pagpapalakas ng loob ang gawin,
 matinis at walang kakumpiya-kumpiyansa ang tinig
 niya nang magsalita.

“Ano? Pakiulit nga.” Tila hindi makapaniwala si
 Armand sa narinig.

“Ang sabi ko, binasahan ko sila ng *Sleeping Beauty*
 at *Cinderella*.” Mas pinatatag niya ang pagkakasabi
 niyon.

“You what!” natatawang bulalas ni Miles.

Tinapunan ito ng matalim na tingin ni Lorraine.
 Noon pa mang kararating pa lang niya sa study camp
 ay nahahalata na niyang antipatiko sa kanya ang
 binata. At sa paglipas ng panahon, ito ang kalimitang
 sumasalungat sa anumang suhestyong ihain niya.
 Sipsip nga lang ito kay Armand kaya hindi niya ito
 hayagang mabangga.

“What’s wrong with that? I bet you never thought
 of it,” sabi niya.

“That’s enough, both of you. Miss Clemente, I
 want to speak with you after this meeting,” pigil ni
 Armand sa napipintong pagtatalo ng dalawa.

“Well, that does it. I bet you’re going to be fired,”
 nanunudyong bulong ni Miles.

Inirapan niya ito at nagkunwang hindi siya

naniniwala sa sinabi nito. Ngunit sa katunayan ay wala na halos siyang maintindihan sa iba pang pinagsasabi ni Armand sa kabuuan ng pulong. Paano ay wala siyang iniisip kundi ang posibilidad na malamang nga ay patalsikin na siya nito.